CITY OF LONGBEACH

PRESS RELEASE

AGARANG PAHAYAG

Marso 5, 2021
Kontak: Pinagsamang Sentro ng Impormasyon sa Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay Magsisimulang Magbakuna sa mga Residente na may mga Kapansanan mula Lunes, Marso 8

Long Beach, CA - Ang lungsod ng Long Beach ay inihayag ngayong araw na ito ang isang na-update na iskedyul para sa pagpapahalaga ng pagbabakuna ay magsisimula sa Lunes, Marso 8. Pinapayagan ang na-update na iskedyul para sa mga residente ng Long Beach na may edad 16 na taong gulang hanggang 64 na taong gulang, na may kapansanan sa pisikal o developmental disabilities, upang maging karapat-dapat para sa pagbabakuna sa Covid-19.

“Nagpapasalamat kami na may kakayahan na ngayong simulan ang pagbabakuna sa mga taong may kapansanan, “ sinabi ni Alkalde Robert Mayor Garcia. “Agad naming uunahin ang pangkat na ito para sa aming mga klinika at pagbisita sa bahay kung kinakailangan.”

Sa kasalukuyan, ang mga bakuna ay ipinamamahagi sa mga populasyon na nakilala sa Phase IA at Phase IB, Tier 1. Ang Long Beach ay magiging isa sa mga unang hurisdiksyon sa kalusugan sa California upang palawakin ang pag-akses ng bakuna sa mga taong mas bata sa 65 taong gulang na may kapansanan. Ang lungsod ay nakatanggap ng pahintulot mula sa estado ng California upang simulan ang mga pagbabakuna na ito bago ang paglunsad sa Marso 15 ng nakaplanong buong estado dahil sa tagumpay ng Kagawaran ng Pangkalusugan at Pangkatauhan ng Serbisyo sa pagbabakuna sa mga tao sa kasalukuyang yugto.

Sa ngayon, mahigit sa 35,000 libong mga matatanda, na kumakatawan sa 66% na porsyento ng mas matandang populasyon na may sapat na gulang, ay nabakunahan sa

Long Beach. Mahigit sa 16% na porsyento ng kabuuang populasyon sa Long Beach ang nabakunahan, isang bilang na tumataas hanggang sa 20% porsyento na residente ng Long Beach ay sapat na upang makatanggap ng bakuna.

Simula Lunes, ang mga indibidwal na may mga kapansanan na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan ay maaaring magpakita sa Long Beach Convention Center sa pagitan ng alas 11 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon; walang kinakailangang apoyntment upang makatanggap ng kanilang bakuna:

- Ang mga indibidwal ay dapat mayroong kapansanan sa pisikal o developmental disability
- Kinakailangan ang dokumentasyon katulad ng plakard, tala ng doktor, o iba pang naaangkop na impormasyon
- Ang mga indibidwal ay kinakailangang magpakita ng pruweba na nagpapatunay na nakatira sila sa Long Beach
- Ang mga dokumentasyon ay maaaring isang bayarin sa utility na may kanilang adres o lisensya sa pagmamaneho

Ang lungsod ay nag-alok ng mga pagkakataon sa pagbabakuna sa lahat ng mga karapat-dapat sa residente na naka-sayn sa VaxLB na kwalipikado sa ilalaim ng kasalukuyang mga kategorya. Ang sinumang nag-sayn up sa VaxLB ngunit hindi pa na kontak o nakaranas ng anumang hamon ay dapat makipag-ugnayan sa Sentro ng Bakuna ng lungsod sa COVID19Vaccine@longbeach.gov o tumawag sa 562.570.4636. Ang lungsod ay nagpaplano din na magkaroon ng mga klinika ng bakuna na mobile sa labas ng kabayanan upang mapaglingkuran ang mga taong may kapansanan.

Sa ngayon, meron nang 51,472 libong mga kaso ng COVID-19 sa lungsod ng Long Beach at meron nang 862 daang tao na ang namamatay sa bayrus. Mahigit na 120,900 daang libo na bakuna ang naipamamahagi na. Ang lahat ng mga bakuna ay naipamahagi ng libre at walang bayad na direktang ibinigay ng pamahalaang pederal.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat na ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin longbeach.gov/COVID19 at sundan @LongBeachCity on Facebook, Twitter and Instagram.

###